# Part I

# PAGPAPLANO NG ATING CAREER

Susi sa anumang tagumpay ang pagkakaroon ng plano. Ang pagmamarino ay hindi tsambahan o suwertihan lang. Dapat nakaplano ito.




Katunayan hindi lang sa pagmamarino kundi dapat may plano tayo para sa buong buhay natin, isang bahagi lang nito ang pagbabarko. Dapat malinaw kung ano ang nais nating makamit pagkatapos ng pagbabarko, nakaplano kung ano ang nais nating marating after 30 or 35 years magmula ng tayo ay sumakay ng barko.

At kung hindi masunod ang itinakdang plano sa paglipas ng panahon, dapat marunong tayong mag-adjust. Ang mahalaga, may plano tayo at desidido tayong ipatupad at makamit ang nais nating maabot sa buhay natin.

Sa Part 1 ng Handbook, inihahanda tayo na magkaroon ng matagumpay na seafaring career sa unang 10 taon nating pagbabarko mula sa unang pagsakay hanggang sa maging ganap tayong kapitan o chief engineer.

Upang maging mabunga at matagumpay sa ating pagmamarino, dapat alam natin hindi lang ang ating karapatan at benepisyo kundi pati ang ating mga tungkulin at pananagutan bilang marino.

Marapat ding alam natin ang espeyal na papel na ginagampanan nating mga marino para sa ating bansa.

# Chapter 1

# Sailing Ambassadors

Kaiba sa ibang mga propesyon, may natatanging papel na ginagampanan ang mga marinong Filipino para sa bansa.





Totoong malaki ang kontribusyon natin, sa pamamagitan ng ating bilyun-bilyong dolyar na remittances sa pambansang ekonomya.

Bukod dito, may espesyal pang papel tayong mga marino: ang maging kinatawan ng ating Inang bayan sa mga bansang dinadayo natin sa ating paglalayag.

### A. Maikling kasaysayan

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsimulang sumiglang muli ang shipping industry ng bansa na nagbukas ng mga oportunidad sa mga naunang marinong Filipino.

Noong huling bahagi ng dekada singkwenta at hanggang sisenta, ang lubhang nakararaming marinong Filipino ay sumasakay lamang sa mga barko na nagwawagayway ng bandila ng Pilipinas.




Ito ang panahong tinatawag ng iba na Golden Age of Philippine Shipping. Ito ang yugto sa kasaysayan ng Philippine shipping na hindi lamang iilan ang barkong pag-aari ng mga Filipinong negosyante; mga shipowners sa tunay na kahulugan ng salita.

Ilan lang sa mga ito ang Madrigal Steamship Co., Luzon Stevedoring Co., Compania Maritima, Philippine Steam Navigation Co., Magsaysay Lines Inc., at United Philippine Lines (UPL).

At hindi lamang limitado sa inter-island ang biyahe ng mga Philippine-flagged ships ng mga ito, kundi naglalayag na rin ang mga ito worldwide.

Nagdadala ang mga Philippine flagged vessels sa ibang bansa ng troso, mineral, asukal, copra at iba pang produktong agrikultural.

Dahil sa full-Filipino crew ang mga barkong ito, nagsimula na noong panahong iyon na makatawag-pansin sa international shipping ang galing sa paglalayag ng mga marinong Filipino. Bunga nito, may ilang principals na nagsimula nang sumubok kumuha ng mga Filipino.

Sa mga dayuhang principals, nanguna ang mga Amerikano, Japanese at European sa pagsubok sa galing ng mga marinong Filipino.

Karamihan sa mga naunang Filipinong opisyal ng barko ay mga nagtapos sa Philippine Nautical School (Philippine Merchant Marine Academy o PMMA ngayon), Iloilo Maritime Academy (John B. Lacson Foundation Maritime University) at Philippine Maritime Institute (PMI).

Agad nilang naipamalas ang galing at kakayahan ng mga Filipino sa pagbabarko kaya't agad ding umani ang mga ito ng paghanga ng mga dayuhang principals.

Kaya malaki ang dapat nating tanawing utang na loob sa kanila; sila ang naghawan ng daan sa tuluy-tuloy na paglago ng bilang ng marinong Filipino at pag-unlad ng manning sector ng bansa.

**B. Sailing ambassadors**

Dahil sa mahusay na ipinakita ng mga naunang marinong Filipino, dumami pa ang mga dayuhang principals ang naghangad na kumuha sa serbisyo ng mga Filipino lalo na sa pagpasok ng dekada 70.

Nakatulong rito nang malaki ang paghupa ng interes ng mga kabataan na magtrabaho sa barko sa mga mauunlad na bansa sa Asya at Europa na tradisyunal ding shipowning countries. Pakaunti nang pakaunti ang bilang ng mga nagmamarino sa mga bansang ito, at matatanda na rin ang kanilang mga opisyales.

Dahil sa kulang na suplay ng mga marino mula sa kanilang bansa tumaas nang tumaas ang suweldo ng mga ito.

Kaya kalaunan, napilitan ang kanilang pamahalaan, sa pamamagitan ng kanilang Maritime Administration, na alisin ang national restrictions sa

manning para ibukas ang kanilang mga barko sa mga marinong galing sa ibang bansa tulad ng Pilipinas para hindi maapektuhan ang operasyon ng kanilang mga barko.

Dahil sa kalagayang ito, nagtuluy-tuloy ang paglaki ng demand ng mga marinong Filipino hanggang sa kasalukuyan.

Bukod sa nabanggit na dahilan, nakatulong din nang malaki sa ating marinong Filipino na hindi man fluent, nakapagsasalita at nakakaunawa tayo ng English na siyang international language.

Madali rin tayong makibagay sa iba't-ibang kultura ng mga kasamang marino sa barko na galing sa ibang nasyon. At marami rin ang nakapansin sa mabuting work ethics ng marami sa ating marino.

Ang lahat ng ito ay nagpakita ng mabubuting katangian ng manggagawang Filipino sa buong mundo. Sa madaling salita, kinakatawan natin ang manggagawang Filipino at ang ating bansa saan mang panig ng daigdig tayo mapunta sa ating paglalakbay.

Maraming bansa ang humanga sa katangiang taglay nating mga marino at naghatid ito ng karangalan sa Pilipinas.

Nagbukas ito ng daan sa pagbuo ng mabuting relasyon sa pagitan ng Pilipinas at mga shipowning countries na kumukuha ng libu-libong marinong Filipino para patakbuhin ang kanilang mga barko.

Dahil dito itinuturing tayong Ambassador of Goodwill at, nitong huli, tinawag tayong "Sailing Ambassador" ng ating bansa. At ito ang espesyal na papel na ginagampanan nating mga marino.

Subalit marami sa atin ang hindi nagbibigay halaga rito.

### C. Professional Ethics

Dahil sa kinakatawan natin ang ating Inang bayan sa mga bansang ating destinasyon sa tuwing tayo ay naglalayag, marapat lang nating bigyang importansya ang ipinapakita natin mula sa pagsakay ng eroplano patungong barko na ating sasakyan, habang tayo ay nasa barko, habang tayo ay nasa

ibang bansa at naka-shore leave hanggang sa ating pagbabalik sa Pilipinas pagkatapos ng ating kontrata.

Isang mainam na paraan para maipakita natin ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mataas na pagpapahalaga sa ating propesyon at pagiging Filipino.

Ang pagmamarino ay isang propesyon; tayo ay mga maritime professionals, opisyales man o ratings.

Bukod sa mataas na skills o kasanayan sa pagbabarko na inaasahan sa atin, inaasahan din na makita sa atin ang mga katangiang taglay ng iba pang propesyunal tulad ng titser, abogado, doktor, atbp.

Inaasahan na may disiplina tayo, maayos magdamit at kumikilos nang naaayon sa sitwasyon at sa ating propesyon.

Sumusunod tayo sa nakatataas sa atin at sa mga polisiyang may kaugnayan sa ating propesyon; disente manamit, ibig sabihin, presentable at hindi kailangang magarbo; pino kung kumilos.

Malayo sa karaniwang istambay sa kanto na pasaway, mahaba ang buhok at nanggigitata ang damit, at magaspang kumilos.

Partikular para sa ating mga marino, ang ISP at JMG ay naglabas ng kodigo na marapat nating ipatupad para mabisa nating magampanan ang ating propesyon.

Nasa ibaba ang 10-puntong kodigo para sa marinong Filipino.

**Professional Code of Ethics for Filipino Seafarers**

1. I will faithfully comply with all the terms and conditions of my contract of employment;
2. I will try to settle amicably any conflict with my employers and exhaust all alternative modes of dispute settlement allowed in my employment contract and provided by law;
3. I will always ensure compliance with safety measures and prioritize the protection of the marine environment in all actions while onboard the vessel;

4. I will protect my health from the harmful effects of smoking and excessive intake of alcohol, and other hazardous substances;

5. I will continue to embody the image of a Filipino Seafarer as "Sailing Ambassador" and friendship to everyone;




6. I will be loyal to the people and institutions who have contributed to the development of my profession and my personal well-being;

7. I will contribute to the education and training of all who aspire to become successful seafarers by sharing the wealth of experience and knowledge acquired during my deployment;

8. I will continue to aspire to improve myself by pursuing further education and training to comply with existing and new requirements and conventions;

9. I will exert special efforts to strengthen my family ties not only when I am home but also while deployed; and

10. I will prepare myself and my family for my eventual retirement and reintegration into a life on land so I can continue to contribute not only to the seafaring industry but also to the country's economy and general well being.

Makakatulong ang matapat nating pagtupad sa kodigong ito sa pagganap at sa patuloy nating pagsulong sa ating propesyon. At makakapag-ambag din ito upang maging mabuti tayong "Sailing Ambassadors" ng ating bansa.